# 25 patrol cars, 100 assault rifles, bigay sa QCPD

Pinagkalooban ng Quezon City government ang Quezon City Police District (QCPD) ng 25 brand new na Toyota Vios na patrol cars at 100 Galil assault rifles, upang magamit nila sa pagsugpo ng kriminalidad at pagmamantine ng peace and order sa lungsod.

Mismong sina Mayor Herbert Bautista, Philippine National Police (PNP) Chief, P/Director General Oscar D. Albayalde at National Capital Regional Police Office (NCRPO) Director P/Chief Supt. Guillermo Lorenzo Eleazar, QCPD Director P/ Chief Supt. Joselito Esquivel Jr., at iba pang matataas na opisyal ng PNP, ang nanguna sa turnover ceremony na ginanap sa QCPD Headquarters sa Camp Tomas Karingal, Sikatuna Village, Quezon City kahapon ng umaga.

Ayon kay Albayalde, na siyang keynote speaker sa simpleng seremonya, labis nilang ipinagpapasalamat ang patuloy na pagtulong at suporta ng alkalde at ng local government sa QCPD at maging sa PNP sa kabuuan.

Ipapamahagi aniya nila ang 25 bagong mobile patrol vehicles sa iba't ibang tanggapan at unit ng QCPD headquarters, PS-1 La Loma, PS-4 Novaliches, PS-5 Fairview at PS-6 Batasan.

Lahat din aniya ng 12 police stations ay makakakuha ng tig-tatlong assault rifles at ang iba pang matitira ay ipapamahagi naman sa iba pang units at tanggapan ng QCPD. *(Mer Layson)*